
## Mapapabuti ba ang buhay sa iyong komunidad kung:

- Mayroon kang access sa mga bagong ospital at senior center, o mga pinabuting serbisyo sa healthcare para sa mga may sakit o nagkaka-edad na miyembro ng pamilya?
- Maaaring makapag-aral ang iyong mga anak sa mga bago o pinabuting paar-alan o child-care center?
- Mas ligtas at hindi gaanong siksikan ang iyong pagpasok sa trabaho, salamat sa mga mas mainam na daan o pinalawak na pampublikong transportasyon na pagpipilian?
- Nagkaroon ka ng karagdagang vocational training na maaaring magbigay-daan sa mga mas mainam na pagkakataon panghanap-buhay?
- Makapagbibigay ng mas mabuting kalakal at serbisyo ang mga lokal na pamili-han sa inyong komunidad?



Ang 2010 Census ay maaaring makatulong pabutihin ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagtulong nitong makuha ang nararapat na bahagi sa higit sa $400 billion in federal funds bawat taon. Ipinamamahagi ang pagpopondong iyon sa mga pamahalaang estado at lokal ayon sa Census data, at maaaring magamit para sa mga pagpapaunlad na kailangan ng iyong komunidad. Lubos na confidential ang lahat ng impormasyong ibinigay mo sa iyong 2010 Census form at protektado ng batas mula sa lahat ng ibang mga ahensya ng pamahalaan.

**Ang kinabukasan ng iyong komunidad. Ang kinabukasan ng iyong pamilya. Ang iyong kinabukasan.**

Nagsasagawa ang U.S. Government ng Census bawat 10 taon, simula noong 1790. Ibinabahagi nito sa Kongreso ang tumpak na larawan kung saan matatagpuan ang populasyon ng ating bayan, at tumutulong sa kanilang maibahagi ang mga kaukulang pagpopondo at serbisyo. Ito ang isa sa mga pinakamaiksing form sa kasaysayan, at maaaring masagutan ng mga 10 minuto ang 10 simpleng katanungan. Sa ilang mga pagkakataon, maaari ring magabayan ang mga pamahalaang lokal, estado at federal sa pagtatatag ng mga bagong kumakatawang distrito, ayon sa populasyon. Ang pagkumpleto ng iyong 2010 Census form ay madali, mahalaga at safe. Napakahalaga ng iyong pakikilahok.

Sa pakikilahok sa 2010 Census, makakatulong kang makagawa ng mas mabuting hinaharap para sa iyo at sa kanilang mahalaga sa iyo.


## Matutulungan mo ang iyong komunidad kung ibabalik mo via mail ang iyong 2010 Census form.

Gumawa ng kaibahan sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapabilang ngayong 2010. Kumpletuhin at ibalik ang iyong 2010 Census form kapag dumating ito sa iyong mailbox sa Marso.


Para sa karagdagang impormasyon, please visit

**2010census.gov**

Sa pakikilahok sa 2010 Census, makakatulong ka sa iyong komunidad na makuha ang bahagi nito sa mahigit $400 billion in federal funds bawat taon upang mapaunlad ang mga bagay na higit nitong kinakailangan. Makakatulong ang iyong Census form na mapabuti ang mga paaralan, healthcare at marami pa. Kaya, magpabilang sa 2010 Census at makibahagi sa paghubog sa kinabukasan ng iyong komunidad.



Issued November 2009
Form D-3288 (T)



# ANG 2010 CENSUS:
## Kung Papaano Binibilang ang mga Tao

United States Census 2010

NASA ATING MGA KAMAY

# 5 key steps
## sa pagbilang ng bawat tao sa bansa.

Maging citizen ka man o hindi, kinakailangang mabilang sa 2010 Census ang lahat ng naninirahan sa U.S. Narito ang 5 key steps na susundin ng Census Bureau upang isagawa itong lubos na mahalagang gawain.

1

**Step 1: Isinasagawa na ang Census.** Nag-canvass na sa buong bansa ang mga manggagawa ng census mula Abril hanggang Hulyo 2009 upang i-update ang mga address at mapa mula nang huling isagawa ang census. Mahalaga ang prosesong ito dahil maaaring wala na o di na nakatayo ang mga gusaling nakatayo noon, o maaaring nagkaroon ang komunidad ng mga bagong estruktura na kinakailangang maitala.

2

**Step 2: Ang pagdating ng 2010 Census form.** Mahigit sa 130 milyong mga address sa buong bansa ang makakatanggap ng 2010 Census form sa kanilang mailbox sa Marso, o kung hindi man, sa pamamagitan ng isang opisyal na manggagawa ng Census na dadalaw sa mga sambahayan. Dapat kumpletuhin ng mga sambahayan at ibalik via mail ang kanilang 2010 Census form kapag natanggap nila ito.

3

**Step 3: Ang Araw ng Census ay Abril 1, 2010.** Dapat kabilang sa mga sagot mo sa 2010 Census ang lahat ng naninirahan sa iyong address—hindi mahalaga kung mamamayan sila o hindi, o anuman ang kanilang edad. Ayon sa batas, hindi maaaring ibahagi ng Census Bureau ang anumang personal na impormasyon mo sa anumang ibang ahensiya ng pamahalaan at kawanihan ng tagapagpatupad ng batas.

4

**Step 4: Follow up dahil mahalaga ang bawat tao.** Dadalawin ng isang opisyal na census rep ang mga sambahayan na hindi nakapagbalik via mail ng kanilang filled out 2010 Census forms. Magsisimula ang personal na mga pagdalaw bago matapos ang Abril at magpapatuloy hanggang sa katapusan ng Hulyo. Bilang basehan ng kanilang pagkakakilanlan, may dalang census badge at bag ang mga census rep na dadalaw.

5

**Step 5: Pagdating ng mga resulta:** Bibilangin ng Census Bureau ang lahat ng tao at iuulat ang bilang na iyon sa Pangulo ng U.S. bago dumating ang Disyembre 31, 2010. Kasama sa ulat ang kabuuang bilang ng populasyon at bilang ng mga U.S. Representatives na pinahihintulutan sa bawat estado.

# Saan
## dapat isagawa ang pagbilang sa 'yo?

Para sa 2010 Census, dapat mabilang ang karamihan sa mga tao kung saan sila naninirahan o natutulog nang madalas. Gayunpaman, may ilang mga indibidwal o grupo na may katangi-tanging kalagayan. Makakatulong ang Census Bureau residence rule sa pagtukoy kung saan dapat bilangin ang mga taong ito.

### Mga karaniwang kalagayan ng pamumuhay

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Nakatira sa kanilang tahanan at wala nang iba pa | Sa kanilang tahanan |
| Nagbabakasyon o nasa isang business trip | Sa kanilang tahanan kung saan sila naninirahan at natutulog nang madalas |
| Naninirahan nang regular sa ibat-ibang lugar o nakakaranas ng kawalang tahanan | Ang tahanan kung saan sila tumutuloy sa Araw ng Census |

### Mga mag-aaral sa kolehiyo

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Naninirahan kasama ng kanilang mga magulang o tagapag-bantay habang pumapasok sa kolehiyo sa U.S. | Sa tahanan ng mga magulang o tagapagbantay |
| Naninirahang malayo sa mga magulang habang pumapasok sa kolehiyo sa U.S. | Sa tirahang nasa loob man o labas ng campus |
| Pumapasok sa kolehiyo sa labas ng U.S. | Hindi nabilang sa census |

### Mga taong nananatili sa mga lugar na tinitirahan ng grupo ng mga tao

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Mga lugar kung saan naninirahan ang grupo ng mga tao gaya ng mga kulungan o piitan, mga tahanang pang-grupo, domestic violence na kanlungan, at kanlungang pang-emergency o pansamantalang tuluyan para sa mga taong nakakaranas ng kawalang tirahan | Lokasyon ng grupo |

### Mga banyaga sa U.S.

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Mga mamamayan ng ibang bansa na naninirahan sa U.S. | Sa kanilang tahanan kung saan sila naninirahan at natutulog nang madalas |
| Mga mamamayan ng ibang bansa na nasa bakasyon o kasalukuyang nasa business trip sa U.S. | Hindi nabilang sa census |
| Mga banyagang mamamayang naninirahan sa U.S. upang makadalo ng kolehiyo | Sa tirahang nasa loob man o labas ng campus |

### Tauhang militar ng U.S.

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Nasa mga barrack sa U.S. | Sa mga barrack |
| Nasa base man o wala sa loob ng U.S., ngunit wala sa mga barrack | Sa kanilang tahanan kung saan sila naninirahan at natutulog ng kadalasan |
| Nasa militar ngunit naninirahan sa ibang bansa | Nabilang gamit ang mga record ng militar para sa address ng tahanan |

### Mga taong palipat-lipat

| Kalagayan ng pamumuhay | Saan sila binilang |
|---|---|
| Nanunuluyan iba't ibang lugar (gaya ng bahay bakasyunan) o sa mga transitory na mga lugar, gaya ng recreational vehicle (RV) na mga parke, mga campground, marina, karerahan, sirkuhan o carnival | Sa kanilang tahanan kung saan sila naninirahan at natutulog nang madalas<br><br>Sa tirahan kung saan sila namamalagi sa Araw ng Census, kung hahatiin ang oras nang pantay-pantay |